# Impormasyon sa Panahon ng Sakuna



## Impormasyon mula sa Yamato City

Ang Yamato City ay magbibigay ng updates gamit ang mga sumusunod na paraan:

### ■Disaster Prevention Community Radio

Nag-a-announce gamit ang mga outdoor speakers sa buong lungsod.

**Toll-Free Number (0120-112-933): Maaaring tawagan ang numerong ito para ma-double check ang huling anunsyo.**

### ■FM Yamato (77.7MHz)

Agad na ibinabalita sa mga programa sa radyo ang mga impormasyon tungkol sa sakuna.

### ■J:COM (11ch)

Ipapalabas ang mga impormasyon sa pamamagitan ng text ticker o L-shaped screen sa TV.

### ■(Area Mail / Emergency Alert Mail)

(Impormasyon gamit ang messaging service ng mga mobile networks.)

Ipapadala ang mga emergency alerts sa mga taong nasa loob ng Yamato City. (Hindi mo kailangang mag-register, pero depende sa modelo ng iyong cellphone, baka kailangan mong i-on ang settings nito).)

### ■Impormasyon ukol sa Sakuna ng Yamato City

(I-scan ang QR code para sa pinakabagong disaster information.)

Direktang link papunta sa opisyal na website ng lungsod.



### ■Yamato City Official LINE Account

(Naghahatid ng emergency updates sa LINE app ng iyong smartphone o computer.)

Mag-search lang sa LINE ng "@city_yamato" o i-scan ang QR code para mai-add sila bilang friend.

Yamato City Official LINE Account

### Maaari mong i-check sa smartphone kung bukas ang mga evacuation centers at kung gaano kadami ang mga tao dito

Gamit ang real-time information platform na "VACAN", makikita sa online map kung gaano kapuno ang mga evacuation centers na hinati sa 4 na antas (levels).

Gamitin ito para maiwasan ang dagsaan sa iisang lugar.

Gagana lang ang system na ito kapag binuksan na ang mga evacuation centers.

※Ibinigay ng Vacan Co., Ltd.




Website URL　https://vacan.com/area/yamato-city-evacuation/evacuation-center/12

I-scan ang QR code para i-check ang status ng tao

## Emergency Kit at Emergency Stocks

### Emergency Kit / Grab-and-go Bag

Mga bagay na dapat bitbitin kapag kailangan nang lumikas agad-agad

●Pagkain at Tubig



- ☐Emergency Food
  (tulad ng mga pagkaing instant o de-lata)
- ☐Tubig na inumin
- ☐Gatas na pang sanggol

●Mga Kagamitan



- ☐Flashlight at samahan ng extrang baterya
- ☐Radyong nabibitbit
  ((Maliit o multi-functional na radyo))
- ☐Cellphone at charger
  (powerbank)
- ☐Pito o buzzer

●Pang-araw-araw na gamit

- ☐Mga Tuwalya
- ☐Extrang damit
  (Nakakatulong mag adjust ng temperatura ng katawan)

●Mga kagamitan sa kalinisan

- ☐Portable toilet
- ☐Toilet paper
- ☐Wet wipes o tissue
- ☐Toothbrush set (mouthwash, atbp.)
- ☐Diapers para sa bata/matanda
- ☐Sanitary pads
- ☐Lalagyan ng pustiso at panglinis nito

●Mahahalagang bagay

- ☐Cash/Pera
- ☐ID o identification documents
- ☐My Number Card at Health Insurance Card

●Mga gamot



- ☐First-aid kit
- ☐Mga personal na maintenance na gamot
- ☐Notebook ng listahan ng gamot o kopya nito

●Proteksyon sa sakit

- ☐Disposable na mga masks
- ☐Termometer
- ☐Alcohol/disinfectant

●Kagamitang pangkaligtasan

- ☐Padded hood o helmet
- ☐Guwantes
- ☐Kapote
- ☐Tsinelas

※Siguraduhing kasya lang sa backpack at hindi masyadong mabigat.

Kahit wala sa listahan, ihanda rin ang mga kailangan ng iyong pamilya tulad ng mga pagkain para sa may allergy!






### Emergency Stocks

Mga supplies na dapat i-stock sa bahay na tatagal ng 3 araw hanggang 1 linggo

●Mga Pagkain

- ☐Bigas・Instant rice
- ☐De-lata・Instant foods
- ☐(Tubig na inumin - tantiya: 3 liters bawat tao kada




●Pang-araw-araw na gamit

- ☐Mga tuwalya
- ☐Extrang damit (panloob at panlabas)
- ☐Kumot
- ☐Lantern o flashlight
- ☐Portable stove (kasama ang gas canisters)

●Mga gamit sa kalinisan

- ☐Portable toilet (humigit-kumulang 5 beses sa 1 araw bawat tao)
- ☐toilet paper
- ☐Plastik para sa basura
- ☐Wet tissue
- ☐Shampoo na hindi kailangan ng tubig

### Bakit Kailangan ng Portable Toilet?

Ang problema sa banyo kapag may sakuna ay kasing-halaga ng pagkain at tubig. Mag-imbak ng portable toilets sa bahay. Pagkatapos gamitin, kokolektahin ito ng munisipyo bilang burnable waste.

Kung paano gamitin ang portable toilet

Gamitin ang paraang「Rolling Stock (Pag-ikot ng stock)」- kainin o gamitin ang lumang stock at palitan ng bago) para laging may sapat na supply sa bahay.

Karagdagang impormasyon tungkol sa pag-iimbak


Makipag-ugnayan

Yamato City Mayor's Office, Crisis Management Division
(City Hall 3rd Floor)

TEL 046-260-5777　FAX 046-261-4592

Website ng Lungsod：https://www.city.yamato.lg.jp/

Disaster Prevention Site ng Lungsod ：https://www.city.yamato.lg.jp/gyosei/soshik/27/bosai_anzenanshin/index.html

City Disaster Prevention Website ng Yamato